# QTL*

Lean Karlo Borlongan

Trap. Katitira pa lamang ni Pablo ng castle sa queen side at heto ang rook ni Osten, kinain ang pawn niya sa F7 kahit may nakasuportang bishop. Rook kapalit ng pawn at bishop? May mali. Inaral ni Pablo ang mga posibleng galaw ng mga pyesa sa board. Lalamang siya sa dulo pero hindi niya maipagpag ang kutob. Hindi siya kumbinsidong mapanghahawakan ang lamang na posisyon. Dahil sa sinakripisyong rook, kailangang magreak. Kailangang bawiin ang inisyatiba.

Ensayo lamang ito para sa dadayuhing torneyo bukas pero para kay Pablo, kulminasyon ito ng may tatlong linggo niyang pagbabalik-loob sa chess. Kung hindi siya mananalo kay Osten ngayon paano pa bukas? Unang round pa lang, malalaglag na siya. Sayang ang ipinustang isanlibo at ang pagkakataong gawin itong sampung libo pag nagkampyon. Wala nang atrasan. Nakabayad na sila. Touch move. May hindi ba siya nakita sa pagmamadali? Dahil para sa kaniya, ritwal lamang ng pag-atake at pagsalag ang mga unang tira sa chess. Ngayong itim siya, may nakalusot ba sa mga panimulang depensa? Saan manggagaling ang atake?

Nakapwesto sila sa riser sa gilid ng basketbol court. Sa pandinig ni Pablo, lumalakas ang talbog ng bola pati ang hiyawan ng mga manlalaro. May tumira mula sa malayo. Tumama sa ring. Nakaabang sa ilalim ang lalaking malapad at matangkad. Maaabot na niya ang bola nang biglang may tumalon mula sa likod. Hinawi niya ang tumalon, tinamaan ng braso ang mukha. Sapul ng siko ang pisngi at halos humiwalay ang ulo sa leeg sa pagkabanat, lumagapak siya sa sahig pero sa halip na indahin ang sakit hinampas niya ng dalawang kamay ang sahig at bumangon para sugurin ang lalaking matangkad, nauna na itong itulak ng kakampi niya at napaligiran na sila ng mga umaawat. Napatid ang pag-iisip ni Pablo. Sa isip niya, mamaya ang totoong rambol pag hindi nagustuhan ng natalong team ang resulta at hindi magkaabutan ng bayad sa pusta. Nagpatuloy ang laro. Pinulot niya ang bishop at kinain ang rook.

Ngayon pa lang nagsisimula ang chess. Lamang siya kung susumahin. Mayroon pa siyang dalawang rook, queen at bishop. Queen, isang rook at isang bishop ang kay Osten. Kinain ng rook ni Osten ang bishop. Siniyasat ni Pablo ang mga pyesa ni Osten. Naka-castle sa king side ang hari. Nasa H5 ang queen, nakasuporta sa rook. Tinignan niya ang sariling pyesa. Nasa sulok pa ng H8 ang isang rook niya. Katabi ng hari ang isa pa. Nasa C4

ang queen, may katabing puting pawn sa D4 na may nakasuportang bishop sa E3. Lamang siya pero alam niyang hindi pwedeng walang kapalit ang rook. Sa kanan ba aatake? Dalawang pawn lang ni Osten ang naroon, bungal pa. Kayang depensahan ng queen.

Pinasadahan niya uli ang latag ng mga pyesa. Pakiramdam niya, ginagago siya ni Osten. Para siyang pinuripuri pero may iba talagang kahulugan ang papuri. Napatingin siya sa mukha ni Osten, poker face, sinasabing lamang ka pero balewala yan. Nalingat siya nang nagtawanan ang mga tao sa may tindahan. Nakita niyang dumaan si Delly at ang kinakasamang lalaki. Si Delly, kwarenta anyos, ang mayor sa tabing-kalsada ng US Embassy. Raket niya ang mag-assist sa mga taong kukuha ng visa at pipila sa interview. Bawal ang telepono sa embahada. Karaniwang nagsasama ang mga may appointment para may magbantay ng gamit. Si Delly ang nag-aayos ng pila nila, katukatulong ng guwardiya. Pinapahanay niya ang mga tao ayon sa oras ng interview saka aaluking rumenta ng upuang monobloc at bebentahan ng bolpen, envelop, papel, at inuming tubig. Kung walang kasama ang mag-a-apply ng visa, pwede niyang ipabantay kay Delly ang mga bagahe. Binansagan siyang Dellyng Hapdi ng mga tsismoso dahil bente tres anyos ang kinakasama. Pamangkin ang sabi nang unang ipakilala.

Sumipol si Osten. Parang nanunuya. Kailangang tumira si Pablo. Kung hindi niya alam saan manggagaling ang atake, sundin na lang ang isa sa mga prinsipyo sa chess. Kapag lamang, maging agresibo sa trade. Iginalaw niya ang rook na nasa tabi ng hari. Itinapat sa rook ni Osten. Akala niya iaatras ni Osten ang rook para mag-preserve ng pyesa dahil iyon ang lohikal na gagawin ng mga dehado at kumplikahin ang pusisyon ng board, pero parang siya pa ang lamang sa bilang ng piyesa at kinain ang rook niya. Tira na uli ni Pablo.

Dumaan ang kariton ni Henrich sa tapat ng karinderya. Pipi si Henrich na may kaunti pang boses bagamat walang ipinag-iba ang nalilikhang tunog sa langitngit ng tulak niyang kariton. Kinakatok niya ang mga bahay para humingi ng kalakal. Bote, plastik, karton, dyaryo, lata. Itinaboy siya ni Aling Thelma na may ari ng karinderya. Sinundan hanggang makalayo nang dalawang lote. Hawak ni Pablo ang hari pero naroon ang isip niya sa alingasngas sa karinderya. Bakit ba itinataboy? Humihingi lang ng kalakal. Baka tumitigil lang doon para makiamoy ng ulam. Bigyan kaya nila ng sabaw, naisip niya. Pag may kalakal sa bahay nila at kumatok si Henrich, humahablot pa siya ng instant noodles para isamang ibigay.

Kinain ng hari niya ang rook ni Osten. Forced move. Alam niyang pipihit ang sitwasyon. Lamang si Osten sa pusisyon. Ang rook ni Pablo,

nakatago sa sulok samantalang may queen at bishop si Osten na malayang makakagalaw sa gitna. May paparating na check. Wala siyang magagawa kundi gumawi pakanan dahil sa kaliwa manggagaling ang queen at bishop ni Osten. Sa isip ni Pablo, paisa-isa nang binabaybay ng king niya ang direksyon papunta sa kanan para makapagtago sa dalawang pawn.

May humarurot na motorsiklo sa gitna ng pag-iisip ni Pablo. Nagpulasan ang mga tao nang mapansing papalapit ito. Nagsitakbuhan ang mga naglalaro ng basketbol, ang mga naghuhuntahan sa tabing tindahan, ang mga tao sa karinderya, nagtago si Henrich sa kaniyang kariton.

Naunang tumakbo si Pablo. At si Osten, nakuha pang ligpitin ang chess.

"Osten, tara na!" sigaw niya nang mapansing naiwan ang kaibigan, sumenyas siya nang sumenyas. "Iwan mo na yan!" Tumakbo siya nang makitang pasunod na si Osten bitbit ang chess.

*Board vision, tangina, board vision.* Sumisigaw si Pablo sa isip niya sa gitna ng pagkataranta, sinisikap niyang tukuyin sa isip niya ang latag ng mga daan sa barangay, may gahiblang wisyo ang nagsasabi sa kaniyang huwag tumakbo nang bara-bara, alamin ang daan, alamin ang daan. Lantad na lantad sila dito na parang nasa diretsong daan ng rook, kailangang lumiko, kailangang lumihis. Nadaanan niya ang karinderya at itinumba ang mesa, ibinalandra sa daan sa ideyang maharangan nito, kahit paano, ang humahabol sa kanila. Umikli ang distansiya sa kaniya ni Osten, tanaw niyang nakasunod ang motorsiklo.

Tumakbo si Pablo nang buong lakas. Alis sa daan, kailangan nilang umalis sa daan, sa file na ito ng rook. Tumakbo silang parang mauubusan ng lupa. Natanaw niya ang puwang, nasa eskenita ng kalye Baluktot ang kanilang kaligtasan. Hindi kasya ang motorsiklo doon. Humagibis siya ng takbo, nagasgas ang mga braso niya sa pagliko. Kaunti pa at ligtas na siya. Nagsasanga ang daang ito sa mas marami pang eskenita. Maghihiwalay sila ng takbo ni Osten at maglalaho sa paningin ng ahente.

May kung anong paglagapak na narinig si Pablo at napalingon siya sa likod. Sumabit ang chess board nang lumiko si Osten sa eskenita, tumalsik ang mga pyesa, bumaon sa paa ni Osten ang sungay ng kabayo. Nawalan siya ng panimbang, naalangan sa paghakbang, pumihit ang paa niya patagilid, parang sangang nabali. Bumagsak siya sa sahig. Binalikan ni Pablo ang kaibigan

ngunit bago matulungan, nanigas ang buo niyang katawan. Tinutukan siya ng baril ng lalaking nakamaskarang itim na may disenyong letter Q.

Umalingawngaw ang putok ng punglo. Naligo ng dugo ang puting kabayo. Bulagta si Osten. Muling tumutok ang baril kay Pablo. Kumabog ang dibdib, tumulo ang pawis sa kaniyang pisngi. Pumikit siya't hinintay ang sandali ng kamatayan. Klik.

Blimp. Pumatak ang notification sa telepono. *Congratulations! Your killing has been accomplished. View proof here. You gained 4 points. Thank you for using Qtl!*

Napaupo si Pablo sa tabi ng bangkay ng kaibigan. Nabasa ng dugo ang kaniyang salawal. Umalis ang gunman. Kumukulo sa loob ni Pablo ang nararamdamang galit, ang gunman, ang ahente ng Qtl, nagawa pang picturan ang bangkay ng kaniyang kaibigan bilang katibayang nagawa niya ang trabaho na pumatay. Habang naiisip ito ni Pablo, lalong kumukulo ang loob niya dahil wala siyang nagawa, na naunahan siya ng takot, na hindi niya alam kung sino ang nasa likod ng pamamaslang.

Isa-isang dumagsa ang tao sa bungad ng eskenitang parang sumisilip ng barya sa siwang ng alkansya. Nakikiwari ang lahat, nag-iisip ng kwento sa likod ng pagpaslang. Walang nagsasalita. Kinipkip nila ang mga sariling haka bilang paggalang sa namatay at bilang pag-iingat. Mapanganib ang maglabas ng saloobin kahit pabiro at baka may makarinig. Baka may masaktan. Pero dito sa Sitio, bahagi ng arawang buhay ang insulto. Kung magkakapikunan maaaring mauwi sa basag-ulo, pero hindi aabot sa pamamaslang.

Champion. Inisip ni Pablo kung may nasabi bang hindi maganda ang kaibigan. Si Pablo ang palabiro, pero kanina, nagbiro si Osten. Mga champion daw ang makakalaban nila sa torneyo. Mga champion sa kanilang pamilya. Humagalpak sila ng tawa.

Noong nasa elementarya sila, naalala ni Pablong tahimik lang lagi si Osten. Takot siya sa tao. Nagsasalita lang pag kailangan, pag tinawag ng teacher, o pag may humingi o humiram ng papel at bolpen. Naiilang siyang makihalubilo kahit sa mga batang ilang taon na niyang kaklase. Lampa siya at payat. Hindi siya sumasali sa habulan, agawan base, o basketbol. Hindi niya gusto ang subject ang PE. Natuklasang marunong siyang mag-chess nang may nagdala ng board at naglaro noong recess. Naupo siya sa tabi ng naglalaro at naaya. Hindi na siya napalitan. Nakatingin si Pablo mula sa pwesto niya sa 3rd

row may limang upuan ang layo. Napansin niyang gumagalaw ang bibig ni Osten, walang tinig na binibigkas ang mga tira. 1.E4 E5 2. NF3 NC6.

Chess. Nakatingin si Pablo sa nagkalat na duguang piyesa. Tulala. Naalala niyang sa chess nagsimula ang pagkakaibigan nila ni Osten. Nakikita niya sa isip niya, parang pelikulang pinanunuod niya ang nakaraan. Lumapit si Pablo sa umpok ng mga kaklaseng naglalaro ng chess. Pinalitan niya ang natalo. Simple lang ang chess para sa kaniya. Kontrolin ang gitna, ilimit ang galaw ng queen at bishop ng kalaban, at isagad ang range ng sariling queen at bishop. Tingin niya lamang ang may range, kaya sa lahat ng oras, ipagpapalit niya ang kabayo sa bishop. Nakabatay lang sa kutob ang mga tira ni Pablo, sa wido, pero hindi bara-bara. May pattern ang chess, ipinagpapalagay niya ang magiging mga sequence, kaya pag tumira ang kalaban, wala pang limang Segundo, titira na siya. Dahil tingin niya, alam na niya ang mangyayari, kinaiinipan ni Pablo ang panahong nag-iisip ang kalaban. Gusto niyang makita agad ang resulta. Dalawang beses silang naglaro ni Osten. Talo siya pero iyon ang pinakadikit na laban kumpara sa ibang minasaker lang ni Osten.

Sumali sila sa try out ng chess. Walang nakatalo sa kanila sa under age 12 bracket. Mas maraming alam na traps at opening ang kaibigan, pero sa final at decision match, kung sino ang pupwesto sa board 1, nagpatalo si Osten. Parang nakikita ni Osten ang mangyayari sa hinaharap, nakaramdam siya ng takot. Ayaw niyang makalaban ang board 1 ng ibang iskul. Alam niyang maiinip si Pablo. Sinadya niyang tumira ng blunder. Namigay siya ng kabayo. Sinunggaban iyon ni Pablo. Para hindi mahalata, kinumplika ni Osten ang pusisyon ng mga pyesa. Dumalas ang paggalaw ng bibig sa puntong parang nagdarasal at inihihingi ng tawad ang kunwaring pagkakamali. Muntik pa niyang maitawid ang pawn para maging queen. Pinatagal niya ang laro. Nagpatalo nang may dangal.

Ipinadala sila sa ibang iskul para lumaban. Wala silang coach. Sariling ensayo, sariling larga. Sinasamahan lang sila ng PE teacher pag lalaban sa ibang iskul. Nagtaka si Pablo noong unang laro. May timer at binigyan sila ng papel na pagsusulatan ng mga tira. Requirement ang pagtatala ng tira para mai-record ang laro at ma-counter check ang board sakaling may insidente ng pandaraya. Required pero hindi naipatutupad nang mahigpit, nagiging personal na kopya lang na iniuuwi ng manlalaro ang papel. Habang ang mga kalaban niya at si Osten, isinusulat ang mga tira, nagsusulat lang siya dahil naiinip. Nang tumagal, sa halip na isulat ang tira, nagdodrowing na lang siya ng aso, pusa o anumang hayop. Paisa-isa ang pagguhit, sakto lang sa tagal ng pag-record ng tira. Minsan hindi niya alam kung saan siya naiinip, sa laro ba o sa pagbuo ng drowing.

Sa unang taon sa chess team, tatlong beses lang nanalo si Pablo. Dalawa doon, dahil nag-default ang kalaban. Ang pangatlo, dahil sa timer. Madalas niyang nalilimutan ang timer. Hindi tumitira ang kalaban dahil hindi niya pinipindot. May mga larong panalo sana si Pablo kaso nauubusan siya ng oras. Para hindi na malimutan, pinipindot niya ang timer kasing bilis ng pagtira niya, saka siya guguhit sa papel. Habang bumibilis ang tira, lumalakas ang hataw niya sa timer. Nanalo siya dahil nadistrak sa ahitasyon niya ang kinakabahang kalaro. Nagkaraoon siya ng estratehiyang gagamitin sa susunod na taon.

Naipanalo ni Osten ang mga laro sa distrito. Nakarating siya sa finals ng city-wide championship. 5 games. Tatlong tabla at dalawang talo sa kalabang taga-Science School. 1.5 – 2.5 ang score. Binati ni Pablo si Osten pagkatapos ng laro. Sabi niya, sayang hindi ka nanalo pero ayos lang, champion ka pa rin sa pamilya n'yo. Alam ni Pablong matalas ang memorya ng mga chess player. Alam niyang sa kaniya galing ang birong binanggit niya labintatlong taon na ang nakakaraan.

Tulala pa rin si Pablo nang dumating si Jeng, ang asawa ni Osten. Sinapo niya si Osten sa balikat at bewang, inilapat ang katawan sa sariling dibdib. Pinakikiramdaman niya ang pintig, ang pinakamahinang pintig, ang kahit anong patunay na buhay ang asawa. Ngunit nanatiling laylay sa braso niya ang ulunan ni Osten, bahagyang nakatingala sa langit.

Nanginginig si Pablo. Kumakabog pa rin ang dibdib. Nagpa-flash sa isip niya ang baril, ang maskarang itim. Sinisi niya ang sarili sa nangyari. Bakit ba nagkita pa sila para magpakundisyon. Online na ang mga pustahan mula basketbol, sabong, video game, hanggang karera ng kabayo. Tayaan kasi iyon. May naglalarong iba. Tataya ka at mag-aabang ng resulta. Ayaw nilang umasa sa ibang tao, sa swerte o tadhana at hindi safe maglaro ng chess online. Maraming mandaraya. May mga app, engine, at browser extension na nagpapakita ng best move real time. Syempre hindi sila mananalo sa computer. Walang saysay maglaro online para sa indibidwal na ensayo maliban kung magbayad at ma-unlock ang iba't ibang feature gaya ng unli-puzzle, unli-lesson, unli-game review, unli-coach explanations, at matanggal ang ads na pasulpotsulpot. Pwede namang matuto sa praktika o sa direktang pakikipaglaro, kaso, kahit ibang lahi ang makalaro mapa-Indian, Israeli, Russian, o Kano, kahit kapwa Pinoy, halos lahat gumagamit ng engine. Parang nakikipagdebate sa troll ang pakiramdam. Parang gago, naiisip ni Pablo, nag-chess pa mag-e-engine din pala. Sana direktang computer na lang ang kinalaban niya. Hindi tuloy niya magamit ang taktikang hataw-timer. Syempre hindi iyon pwede. Otomatik ang andar at tigil ng clock sa online chess. Kaya dinadaan na lang niya sa

emoji. Nagkakamali ng tira ang mga engine user pag nape-pressure sa oras. Pinipindot ni Pablo ang emojing iyak-tawa o iyong emojing buhos ang luha. Inaalaska niya ang kalaban hanggang mag-resign. Mabuti at anonimo ang laro online. Mayroon lang in-game name, pwede ring maglaro as guest. Pag nagkataon, siguradong ipaki-Qtl siya ng mga kalabang racist, lalo na ang mga Israeli na gustong-gusto niyang asarin dahil sa tingin niya mga mayayamang pikon. Pinagtatyagaan niya ang paglalaro online dahil mas mabilis tumira ang kalaban kahit pa cheater. Nababawasan ang inip niya bukod sa natutuwa siyang mang-alaska. Idagdag pang sa tingin niya, mas magandang sa chess maaksaya ang oras kesa sa social media o sa Youtube at Tiktok, video games, at dahil hindi siya makatulog. Hindi siya makatulog kaya siya naglalaro, at habang naglalaro, lalong hindi siya makatulog.

Ang alam ni Pablo, buntis si Jeng sa pangatlong anak at panganay ni Osten. Pinasasaya si Osten ng pananabik sa pagdating ng anak. Pinaghahandaan niya. Gusto niyang humanap ng dagdag na pagkakakitaan at naisip ngang makipagpustahan sa chess, pero kailangan niyang maghasa muna uli. Tumigil siyang maglaro noong hindi na naituloy ang dalawang taong dagdag sa high school. Grade 10 lang ang inabot niya. Kinailangang magtrabaho. Namasukan siyang crew sa fast food. Doon niya unang nakilala si Jeng bagaman magkaibigan lang sila noon. At kung noong high school, bahagya nang nagsasalita si Osten dahil nabibigyan ng kumpyansa ng paglalaro ng chess, tila iniwan niya sa paaralan ang boses sa pag-alis niya. Muli siyang nagsara ng mundo at nanahimik. Pilit na ngiti at pagbati ang salubong niya sa kostumer. Gusto lamang niyang matapos ang mga gawain, ang paghatid ng pagkain, ang pagligpit ng mesa, ang paglinis ng store sa closing. Gusto lang ni Osten na matapos na ang lahat ng trabaho, ang panahong gipit, at makabalik sa pag-aaral, at sa pakiwari niya, matapos lamang niya ang high school, makakapaghanap siya ng scholarship sa kolehiyo bilang chess player.

Palaging binabati ni Jeng noon si Osten kahit hindi sila magkasabay ng shift at ilang oras lang silang nagpapang-abot. Walang interes noon si Osten kay Jeng, ni hindi niya gaanong pinapansin. Alam niyang may karelasyon. Pagkatapos ng maraming endo at palipat-lipat na trabaho bilang bagger, gasboy, pag-extra sa catering service at iba pang raket, naging magkatrabaho uli sila at nagkasabay ng shift sa pinapasukang pizza parlor. Hindi pa rin sila nag-uusap, hanggang isang gabing hindi sila nakatanggi sa painom ng boss nila at wala nang pwesto para kay Jeng sa mesa kundi ang bakanteng upuan sa tabi ni Osten. Tamang sali lang sila sa tawanan at kwentong binabangka ng boss nila sa simula. Pagkatumba ng ilang bote ng serbesa, kinausap ni Jeng si Osten. Patango-tango, panapanahong tumititig sa mata at sumasang-ayon lang si Osten noong una, na ipinagkamali ni Jeng na pakikinig nang mahusay.

Naengganyo tuloy siyang ibukas ang sarili. Palagay ni Jeng, safe ang magsabi ng kahit ano kay Osten dahil hindi naman siya madaldal. Naikwento niyang nakita niya ang kalive-in na may kasamang ibang babae. Kapag gabing patulog siya at magkatabi sila sa higaan, nararamdaman niyang masaya siya habang tutok na tutok sa telepono. Kapag tinanong kung bakit, ang laging sinasabi, nagkukulitan lang sila ng barkada sa gc, o may nadaanang meme.

Walang alam si Osten sa pakikipagrelasyon pero dahil minsan lang may magbukas sa kaniya ng kwentong buhay, dahil may kislap sa mga mata ni Jeng na nagpapalambot sa kaniya, dahil nadagdagan pa ang serbesa, nagkaroon siya ng lakas ng loob na mag-input na sa usapang kanina pa manipulado ni Jeng. Sabi niya, iwan mo na o mangaliwa ka rin. At paano ang mga bata? Kasama iyong tatanggapin ng susunod mong karelasyon. Paano kung hindi? Ewan kung bakit, pero habang nakatitig sa mga mata ni Jeng, sabi ni Osten, subukan mo ako.

Pagkatapos ng gabing iyon, si Jeng ang unang nag-chat kay Osten. Natuklasan niyang mas nagbibigay ng opinyon si Osten sa chat at nakakatuwang kakwentuhan. May mga gabing magkatabi sila ng kalive-in sa kama, magkatalikod at ngumingiti sa kanikaniyang kausap. Isang gabing nagkaayaan ng inuman ang mga crew ng pizza parlor, bigla na lang silang naghalikan ni Osten, iniwan ang mga katrabaho at tumalilis sa pinakamalapit na motel.

Pumapalahaw si Jeng, buhos ang luha sa pisngi. Paulit-ulit niyang isinisigaw ang pangalan ni Osten, ipinapaalala ang paparating nilang anak. Nanuot ang sigaw niya. May kung anong humihiwa sa loob ni Pablo tuwing humihiyaw si Jeng. Naisip niya, dahil lamang ba ito sa lumang biro? Sa muling paghiyaw ni Jeng, tila nahimasmasan si Pablo. Hindi niya alam ang gagawin at alam niyang wala siyang magagawa. Mamaya, darating ang sasakyang may larawan ng konsehal para ligpitin ang katawan ni Osten gaya ng pagligpit nila sa mga naunang pinaslang sa lugar na ito.

Tumayo si Pablo. Naglakad at lumusot sa bulto ng mga usisero. Naglakad siyang parang walang nakikita. Tanda pa niya nang unang bumulwak ang dugo sa lugar na ito isang maulang gabi ng Hulyo. Masaya ang atmospera at kauupo pa lang ng nanalong pangulong nangakong lulutasin ang problema sa droga. Nilunod ng ulan ang alingawngaw ng mga putok nang gabing iyon. Pagtila ng tubig, walong katawan ang sinundo ng sasakyan ng punerarya ng konsehal. May tatlo pa sa kasunod na linggo at paisa-isa sa mga sumunod pang mga araw.

Pugad ba ng tulak ang lugar na ito? Alam niyang maraming gumagamit sa erya. Pansin ito sa hugis ng kanilang mga mukha. Mga matang luwa at naninigas na panga at pawang mga namayat na mga katawan. Hindi siya taal na tagarito. Nakatira ang pamilya nila noon sa Villa Verde. Doon, sigurado siyang may mga adik kahit pa relatibong mga maykaya sa buhay. Ilan sa mga kababata niya doon ang pina-rehab ng magulang o iniuwi sa probinsya. Hindi niya nabalitaan kung may mga binaril doon.

Public school teacher ang nanay niya kaya niya naging kaklase si Osten. Bahay talaga ng tiyuhin niya ang bahay sa subdivision. Inuupahan nila noong una hanggang hindi na makabayad at naging caretaker na sila. Nabiktima ng illegal recruiter para makapag-OFW ang dating may-ari ng bahay na tinitirahan ngayon nila Pablo. Nailit ito ng bangko. Nadaan sa ipon at pangungutang ng nanay ni Pablo kaya nila nabili. Tanda ni Pablo nang una nilang silipin ang bakanteng bahay. Gulanit at puno ng basura. Halatang pinupwestuhan ng mga adik. Pingas ang bubong at laylay ang mga kisame. Bitak ang mga pader at ginagalis ang dingding. Noong high school, lumipat sila rito dahil gagamitin na ang bahay ng tiyo. Dahil binata na, hindi na nagawang makipagkaibigan ni Pablo sa mga tao sa erya.

Hindi na ito ang kinalakhan niyang subdibisyon. Nagsisimula ang mga araw sa ingay ng makina ng trike na nakapwesto sa harap nila. Madilim pa, pinapasikad na ang makina. Pinapainit bago mamasada, papunta sa main road ang ruta o papuntang Bayan. Sa tapat ng arko ang simula ng pila ng tricycle, may dalawang lote ang layo kina Pablo. Nagtatawag ng mga pasahero ang mga tsuper, mga taong papasok sa opisina, eskwela, trabaho. Sasaliw sa sigawan ang magtataho na kung isagaw ang paninda ay ho-ta, ho-ta. Magbubukas ang mga tindahang napakarami. Kada ikatlong bahay, may tindahan na pawang isinet-up lang sa bakuran o bintana. Sa bukana ng Sitio nakatayo ang bakery at pinakamalaking tindahang may katabing lugawan at water refilling station. Kapag gabi, nagiging umpukan ng mga lasenggo ang mga bangketa at tindahan. Ipinaghehele ang Sitio ng paos na tinig ng sintunadong videoke.

Dating lawa ang Sitio. Masukal. Matalahib. Kailangan lang lumusong sa bahaging hanggang bewang at magtukod doon ng kawayang may kawil. Gurami ang pain. Iiwanan lang sa maghapon at makakahuli ng dalag o puyo. May hito kung minsan. May mga tilapya sa lampas taong lalim, maaaring bingwitin sa tabing-lawa. Ang pabrika ng sopdrink, may ilang kilometro lamang ang layo, ang itinuturong dahilan ng pamahalaang lokal sa pagkatuyo ng lawa. Kinasuhan pero hindi napanagot. Unti-unting bumabaw ang Lawa. Naging hanggang tuhod ang dating pwesto ng dalag at puyo. Lumapad ang tabing daan. Pumayat ang tubig. Natuyo ang mga puno at damo.

At nang dumating ang panahon ng El Niño, nagsimulang magbitak ang lupa. Hindi na naibalik ang pag-agos ng lawa.

Isa-isang dumating ang mga tao at nagtayo ng bahay at bakod sa lupang tiwangwang. Wala nang nagawa ang pamahalaang lokal, at para magkaroon ng kaayusan, hinatihati ang lupa at ini-award sa mga settler. Pinatituluhan pero pinabayaran. Walang daanan sa Sitio noon. Nagbigay lang ng right of way ang mga residente papirapiraso hanggang umurong ang mga bahay at magkasya na ang isa at kalahating sasakyan. Nagkakaroon ng munting trapiko pag nagsasalubong ang papasok at palabas. Dumadagdag pa sa sikip ang mga ipinaradang motorsiklo at trike sa tabi ng mga bahay.

Mula sa main road, pababa ang daan sa bukana ng Sitio. Aahon paakyat sa tulay ng umaagos pang creek. Pag malakas ang ulan, napupuno ang creek at umaagos ang tubig pababa sa daang paglampas ng tulay at nalulubog sa tubig ang Sitio. Karaniwang hanggang hita. May bakanteng lote sa likod ng arko. May mga puno doon ng mangga, bayabas at saging. Ang lote ang sumasalo ng tubig kaya hindi pa gaanong tumataas ang baha. Ngunit pag may tumira doon at nagtayo ng bakod, siguradong tataas ang tubig pag rumagasa ang ulan.

Tinunton ni Pablo ang daan paloob ng Sitio. Nadaanan niya ang eskenita papunta sa inuupahang kwarto nila Osten. Naalala niyang nadaanan niya noon ang karatulang Room for Rent sa panahong naghahanap ng malilipatang lugar si Osten para bumukod kasama si Jeng. Bumigat ang paghakbang niya. Bakit ba niya inaya ang kaibigan sa Sitio? Bakit sa may basketbol court sila pumwesto? Parehas naman nila iyong gusto. Gusto ni Osten doon dahil mahangin at masikip sa kwarto nila ni Jeng. Gusto ni Pablo para malibang siya sa panonood ng basketbol kapag naghihintay sa tira ng kaibigan.

Nadaanan ni Pablo ang arko, natanaw ang puno ng mangga. Nilampasan niya ang pila ng tricycle. Narating niya ang bahay. Pumasok siya, diredirestso sa kwarto. Nahiga siya sa kama. Tinakpan ng unan ang mukha saka niya ibinuhos ang mga pigil na hikbi at luha. Kinuha niya sa bulsa ang telepono. Pinindot niya ang icon ng Playstore. Dinownload niya ang app na Qtl. Sa pagitan ng pagdadalamhati at paggunita, habang umiikot ang download bar, narinig ni Pablong may humarurot na motorsiklo, may tatlong sunud-sunod na putok.

* Nagwagi ng Unang Gantimpala para sa kategoryang Maikling Kuwento sa Gawad Bienvenido Lumbera: NCLA National Literary Contest 2023

**POETIKA**

Mayroon na bang nobelang dystopia sa Pilipinas? Naitanong ko muli sa sarili habang nanonood ng Squid Game sa Netflix noong 2021. Ang Squid Game bagaman bago ay kapareho ng mga naunang dystopia sa sense na may mga manlalaro at nasa tournament format ang magpapatayan. Ganito lamang din ang trilohiya ng Hunger Games ni Suzanne Collins na sinasabing ginaya sa nobelang Battle Royale ni Koushun Takami. Ganito rin ang series sa Netflix na Alice in Borderland.

Ganito lamang ba talaga ang formula ng dystopia, ang magkaroon ng mga palaro at magpatayan ang mga karakter? Naalala ko ang mga nabasang libro, ang 1984 ni George Orwell ay dystopia dahil buong panahong nasa surveillance ng gobyerno ang karakter. Aplikasyon ng teyoryang Panopticon ni Foucault? Panopticon din ang nobelang Handmaid's Tale ni Margaret Atwood bagamat religious sect naman ang Otoridad. Syempre sino ang makakalimot sa nobelang Blindness ni Jose Saramago? Ang epidemya ng pagkabulag na kumalat sa isang syudad at ang naging response ng pamahalaan na pagsamasamahin ang mga biktima sa isang asaylum. Ano ang mangyayari sa peace and order sa lugar na puro bulag at limitado ang resources at puno ng lumpen?

Kakaiba rin ang isa pang nobela ni Saramago, ang Death With Interruptions na sa unang sentence pa lang, hook agad ang reader: The following day no one died. Sa nobela tinatalakay ni Saramago ang mga usaping kaugnay ng kamatayan at ano ang mangyayari sa society kung walang posibilidad ng kamatayan. Samantala, ang nobelang Never Let Me Go ni Kazuo Ishiguro ay pang young adult ang panimula para lamang malaman na ang mga sinusundang karakter ay mga clone lamang na magiging source ng internal organs. Naalala ko ang short story ni Shirley Jackson na "The Lottery." Nakakakuryus kung bakit tila ayaw ng mga karakter na manalo sa loterya na taunan namang tradisyon ng komunidad. Marereveal sa dulo na ang mabubunot ay mai-stone to death.

Kung gayon ay mayroon palang dystopia na hindi naka player at tournament format. Nakakasawa na rin kasi. Pero mayroon bang dystopia na nakasulat sa filipino? Sa totoo wala akong alam maliban sa graphic literature na "Terarium" ni Adam David na nakasulat pa sa ingles. Ipinagpapalagay ko na kung ieexplore ang panitikang filipino na nakasulat sa ingles, siguradong may mahahanap ako lalo na sa sci-fi. Iniisip ko rin na common denominator din ng mga foreign dystopian novel na ginamit kong halimbawa sa itaas ay pawang nagmula sila sa mga mauunlad na

bansa. Magkadikit ba ang teknolohiya at panitikang dystopia? Ang sigurado ay magkaugnaay ang science fiction at dystopia. Sa science fiction na nobelang We ni Yevgany Zamyatin unang idinikit sa panitikan ang salitang dystopia na mula sa salitang griyego na may literal na kahulugan na 'bad place.' Unang naitala ang paggamit nito sa political speech John Stuart Mill noong 1868 sa konteksto na kabaliktaran ang naging resulta ng pagbuo ng isang utopian society o sa English land policy sa Ireland.

Ang We ni Zamyatin ay nobela na naisulat ng otor noong 1920 sa panahong nagtatatag ng sosyalismo sa Rusya si Lenin. Sa nobela, ang pagprovide ng estado sa lahat ng pangangailangan ng tao ay kapalit ng kaniyang indibidwal na kalayaang magpasya, mag-isip, at magkaroon ng identidad. Ganito rin ang sitwasyon sa nobelang 1984 at Animal Farm ni George Orwell, kung gayon, pulitikal ba ang pagggamit ng dystopia bilang pantukoy sa mga bansang hindi kapitalismo ang moda ng produksyon? Sa paglaon ng panahon na lamang nag-evolve ang dystopia sa panitikan na hindi na naitali sa mga akda patungkol sa sosyalismo. Naging general na terminolohiya na ito para ilarawan ang lugar na malupit, walang paag-asa, inhumane, walang hinaharap, at sa madaling sabi ay may social collapse.

Sa klase sa malikhaing pagsulat sinabi ni Amang Jun Cruz Reyes na maraming panitikang dystopia sa Pilipinas at nagbigay siya ng mga halimbawa ng mga akda. Ang dystopia sabi niya ay nasa setting na karimarimarim at walang kapag-a-pag-asa. Ang Pilipinas na naliligid ng tubig ay kinakapos sa inuming tubig at umaangkat ng isda. Agrikultural ang lupain ngunit umaangkat ng sibuyas. Nandarayuhang mga pilipino sa ibang bansa para maghanap ng trabaho. Ang arawang danas ng mga pasahero sa pagcommute sa metro. Ang paglaganap ng pandemya. Basically ang buhay sa Pilipinas ay isang malaking dystopia at alin mang akda na magpapakita nito ay maaari nang sabihing bahagi na ng panitikang dystopia.

Naniniwala ako doon pero parang sekondaryang pantukoy na lamang ang dystopia sa akda. Halimbawa, sasabihin kong dystopia ang dystopia ang Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag ni Lualhati Abreu dahil extreme ang karanasan ng torture sa panahong iyon ng malawakang pagkahibang ng rebolusyonaryong kilusan. Tama naman pero mas una kong tutukuyin ang akda bilang historical memoir, creative non-fiction, personal documentation at nasa malayong dulo pa ang pagiging dystopia nito. Ganito rin ang nagiging pagtingin ko in general sa iba pang akda. Kung halimbawa tungkol ito sa manggagawa o magsasaka, tutukuyin ko itong social realist, o protest lit, at muli, nasa malayong dulo pa ang dystopia. Hindi naman sa gusto kong ikahon ang mga akda o ano, sadya lang na may

kung anong parang hindi umaangkop para masabing iyon ay dystopia na otomatikong masasabi pag binanggit ang 1984 o Blindness.

May claim si Gabriel Garcia Marquez na mapalad ang mga manunulat ng third world dahil hindi na nila kailangang mag-imagine para makasulat dahil napakayamang materyal na ng paligid. Extreme na ang conditions at idodokumento na lang ng writer at syempre pagagandahin o sa kaso niya at ng Colombia, ginamitan ng magic realism.

At kung lilingon nga sa Pilipinas, ang isinuka nating pamilya ng diktador higit tatlumpung taon na ang nakakaraan ay kinain nating muli. Bago nito ay nagkaroon ng walang pakundangang pamamaslang na ibinabalatkayo bilang gera laban sa iligal na droga. At bago pa nito ay tampok sa administrasyong dilaw ang taunang budget cut sa mga social services partikular sa edukasyon at mga demolisyon sa maralitang komunidad. At bago pa nito ay tampok naman sa isang dekada ni Gloria ang pamamaslang sa mga progresibo ng mga riding-in-tandem. Ano at ano man, lahat ng ito ay patuloy na nangyayari at sa kabila nito tila hindi natin ito napapansin man lamang dahil nakadikit ang ating mga mata sa telepono o gadget at nagpapatangay sa kung ano mang inaalok nitong aliw.

Biktima ako ng labis-labis na pagtutok sa telepono na parehong willing at hindi. Maglalaro ako ng video games o titingin sa social media at pagtingin ko sa orasan napakaraming oras na ang lumipas at ganun-ganun lang natapon na ang araw ko. Madidismaya ako sa sarili at mangangakong mag-aayos ngunit kinabukasan uulitin ko lamang ang parehong pagkadismaya.

Naalala kong may sumikat noon na kwento sa internet na tinawag na Momo challenge. Ayon sa kwento may mga bata ang biglang maeencounter si Momo sa internet at uutusan ni Momo ang mga bata na gumawa ng violent attack sa mga kalaro o mag-inflict ng self-harm at suicide.

Pinagtatakhan ko ang posibilidad ng aktibidad na mula sa telepono ay mangyayari sa totoong buhay. Ang hinuha ko kasi ang challenge sa internet ay sa internet mo lang din gagawin. Ang challenge sa video game ay sa video game lamang din gagawin. Hindi makakatawid ang birtwal sa pisikal. Tho', syempre, iba naman ang mga challenge sa Tiktok na may mauusong sayaw at ang challenge ay magsayaw ka rin at irecord mo at iupload mo rin sa Tiktok.

Hanggang isang araw na naghuhugas ako ng plato ay dinatnan ako ng reyalisasyon na matagal na palang nasa harap ko. Posible ang pagtawid mula birtwal tungong pisikal. Hindi ba ganito ang online shopping? Pipili ka ng bibilhing gamit at makalipas ang ilang araw kakatok na lamang ang kuryer sa bahay. O kung sa mas mabilis pa ay ang pagbook sa Angkas o Grab na ilang minuto lamang ay susunduin ka na. Habang pinagmumunihan ko ito ay may tanong na bumula sa isip ko. Paano kung may app na pwede kang maghire ng killer? Dito na umusbong ang ideya na isulat ang nobelang may pamagat na Qtl, read as kitil .

Qtl ang baybay dahil karaniwang iniiba ng mga app ang baybay ng kanilang pangalan para madaling maalala ng user. Halimbawa, sa halip na Lift ay Lyft ang pangalan ng app na magagamit para kumuha ng Taxi. Flickr sa halip na Flicker ang pangalan ng app ng mga photos. Cuddlr naman sa halip na Cuddler ang pangalan ng dating app. Pagsakay sa ganitong tradisyon ng mga tech companies ang dahilan ng baybay na Qtl.

Para palawakin pa ang paksa at gawin itong dystopia, mas gusto ko nang siyasatin ang ideya, o ang tanong na, ano ang mangyayari sa society kapag ligal ang pumatay? Hindi lamang ligal, ginawa pa itong negosyo.

Novel of idea lamang ito na parang kay Saramago, tho', syempre, hindi kasing husay. Totoo na may mga elemento na ng dystopia sa mga kilalang akdang pampanitikan ng Pilipinas bagaman iyon ay nasa genre ng reyalismo. Kaya heto ang Qtl, pagtatangka na isanib ang kalagayan ng bansa at ang spekulatibong kahingian para matawag na dystopia ang isang akda, ang spekulasyon na mayroong app para pumatay, at sana, sa dami ng buhay na ibinibuwal sa kasalukuyan, sana ang ganitong app ay manatiling spekulasyon lamang.